- Mga registry na aplikante na may Employment Authorization Document (EAD)
- Order of supervision (na may EAD)
- Aplikante para sa kanselasyon ng pagtatanggal o pagsususpinde ng deportasyon (na may EAD)

Kung ang iyong katayuang pang-imigrasyon ay hindi nakalista sa itaas, maaari ka pa ring maging kuwalipikado para sa segurong pangkalusugan at dapat ka pa ring mag-apply.

Self-employment (May sariling negosyo)

Gamitin ang listahang ito para sa, "Ikaw ba ay may sariling negosyo (self-employed)?"

Maaari mong kaltasin ang mga bagay sa ibaba mula sa iyong grosang kita upang malaman ang iyong net na kita sa pagkakaroon ng sariling negosyo. Tingnan ang "Mga Tagubilin para sa Iskedyul C" sa **www.irs.gov** para sa karagdagang impormasyon.

- Mga gastos sa kotse at trak (para sa pagbibiyahe sa panahon ng araw ng trabaho, hindi para pumunta sa trabaho o pauwi galing sa trabaho)
- Depreciation (pagbaba ng halaga)
- Mga suweldo ng empleyado at mga fringe benefit
- Seguro sa pag-aari, pananagutan, o pagkaantala ng negosyo
- Interes (halimbawa, ang interes sa mortgage na ibinayad sa mga bangko)
- Mga legal and propesyonal na serbisyo
- Pagpapaupa o pag-lease ng mga ari-arian at kagamitian ng negosyo
- Mga komisyon, buwis, lisensiya, at mga bayad sa sinisingil
- Pag-aanunsiyo
- Nakakontratang manggagawa
- Mga pagkukumpuni at pangmintina
- Mga partikular na pagbibiyahe at mga pagkaing kaugnay sa negosyo

Mga halimbawa ng iba pang kita

Gamitin ang listahang ito para sa "Ikaw ba ay may iba pang kita?"

- Mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho
- Mga Social Security na benepisyo
- Kita sa pagreretiro o pensyon
- Kita sa pagpapaupa o royalty
- Natanggap na alimony
- Kita sa pamumuhunan
- Mga capital gains
- Kita sa pagsasaka o pangingisda
- Mga kinanselang utang
- Mga gantimpala ng hukuman
- Bayad sa tungkulin bilang jury (tagahatol)
- Samut-sari

Mga Pagkakaltas (Deduction)

Gamitin ang listahang ito para sa "May mga pagkakaltas (deduction) ka ba?"

- Mga partikular na gastos sa sariling negosyo (self-employment)
- Pagkakaltas sa interes sa student loan
- Matrikula at mga singil
- Mga gastos ng tagapagturo
- Kontribusyon sa IRA
- Mga gastos sa paglipat
- Parusa sa maagang pag-withdraw ng inimpok sa bangko
- Pagkakaltas sa health savings account
- Binayarang alimony
- Pagkakaltas sa domestic production activities (mga aktibidad ng produksiyon na isinagawa sa loob ng bansa)
- Mga partikular ng gastos sa negosyo ng mga reserbista, mga performing artist, at mga opisyal ng pamahalaan ng binayaran ng suweldo sa bawat pagsisingil (fee-basis government official)

Kailangan mo ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumuwag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., at sa Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.

Attachment F: Mga Pederal na Patnubay sa Pagkamaralita

▶ Tiyantahin kung sa anong uri ng segurong pangkalusugan (health insurance) ka maaaring karapat-dapat para sa 2014.

Bilang ng tao sa iyong sambahayan	Kung ang taunang kita ng iyong sambahayan ay mas mababa sa:	Kung ang taunang kita ng iyong sambahayan ay nasa pagitan ng:
1	$15,860*	$15,860 – $45,960
2	$21,400	$21,400 – $62,040
3	$26,950	$26,950 – $78,120
4	$32,500	$32,500 – $94,200
5	$38,050	$38,050 – $110,280
	⬇ **Maaaring maging karapat-dapat ka para sa Medi-Cal.**	⬇ **Maaari kang maging karapat-dapat para sa seguro na may tulong pinansiyal sa pamamagitan ng Covered California.**

**Ang mga halaga ng taunang kita ng sambahayan ay tinantiya lamang at batay sa mga datos ng kita sa 2013.*

Kung may abot-kayang seguro ka na mula sa iyong tagapag-empleyo o isang programa ng pamahalaan kagaya ng Medicare o Medicaid, hindi ka na karapat-dapat para sa mga plano sa segurong pangkalusugan ng Covered California.

★ Kung may mga anak ka o buntis ka, maaari na kahit na may mas mataas kang kita ay kuwalipikado ka pa rin para sa libre o mababang halagang seguro sa pamamagitan ng Medi-Cal o AIM. Kung buntis ka, ikaw at ang iyong inaasahang sanggol (o mga sanggol) ay bibilangin bilang hiwalay na mga tao na kuwalipikado para sa Medi-Cal at bilang isang tao para sa pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng Covered California.

Mga Tanong na Madalas Tinatanong (FAQ, Frequently Asked Questions)

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California

1. Ano ang Covered California?

Ang Covered California ay isang bagong merkado na nagagawang posible para sa mga indibidwal at mga pamilya na kumuha ng libre o mababang halagang segurong pangkalusugan (health insurance) sa pamamagitan ng Medi-Cal o kumuha ng tulong sa pagbayad para sa pribadong segurong pangkalusugan na makukuha sa pamamagitan ng Covered California.

Ang layunin namin ay gawing simple at abot-kaya para sa mga taga-California na kumuha ng segurong pangkalusugan. Ang Covered California ay isang pagsososyo ng California Health Benefit Exchange at ng California Department of Health Care Services.

2. Ano ang Medi-Cal?

Ang Medi-Cal ay ang bersiyon ng California sa pederal na programang Medicaid. Ito ay libre o mababang-halagang segurong pangkalusugan para sa mga residente ng California na kuwalipikado.

3. Ano ang Access for Infants and Mothers (AIM)?

Ang AIM ay isang mababang-–alagang programa ng segurong pangkalusugan para sa mga buntis na babaeng walang segurong pangkalusugan at may kita na masyadong mataas para sa walang bayad na Medi-Cal. Makukuha rin ang AIM ng mga babaeng may mga pribadong plano sa segurong pangkalusugan na may maternity-only na pagkakaltas o copayment na higit pa sa $500.

4. Paano makakatulong ang Covered California sa akin?

Makakatulong ang Covered California sa iyo sa pagpili ng pribadong plano sa seguro na tumutugon sa mga pangangailangan sa kalusugan at badyet. Nag-aalok kami ng ilan sa mga pinakakilalang mga plano sa kalusugan ng estado, at ilan rin sa mga pangrehiyon at lokal na plano.

Maipapaliwanag namin nang malinaw ang mga gastos at mga benepisyo ng mga plano sa segurong pangkalusugan, kung kaya't maihahambing mo ang iba't ibang mga planong mapagpipilian mo. Malalaman mo nang eksakto kung ano ang iyong makukuha at magkano ang iyong kailangang bayaran bago mo piliin ang iyong plano.

5. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan kahit na sobrang mataas ang aking kita?

Oo. Sinumang taga-California na kuwalipikado ay maaaring makabili ng pribadong segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California kahit anupaman ang kita. Gagamitin namin ang iyong kita upang tulungan kaming makahanap ng segurong pangkalusugan na pinaka-abot-kaya para sa iyong pamilya.

6. Anong segurong pangkalusugan ang inaalok sa pamamagitan ng Covered California?

May iba't ibang uri ng mga plano sa kalusugan na mapipilian mo. **Hindi ka maaaring tanggihang saklawin** ng mga kompanya sa segurong pangkalusugan dahil nagkasakit ka na noon o hindi ka makakakuha ng pagsasaklaw.

Nag-aalok ang Covered California ng apat na pangkat ng mga pribadong plano sa segurong pangkalusugan: platinum, ginto, pilak, at bronse, dagdag pa ang planong may pinakamaliit na pagsasaklaw (minimum-coverage plan).

Ang bawat pangkat ay nag-aalok ng ibang antas ng pagsasaklaw mula sa mataas hanggang mababa. Ang mga plano sa segurong pangkalusugan na sumasaklaw ng marami sa iyong mga medikal na gastos ay karaniwang may mas mataas na premyum pero nagpapahintulot sa iyong magbayad nang mas kaunti sa panahong tatanggap ka ng medikal na pangangalaga.

Ang mga planong platinum ay may pinakamalaking premyum, pero binabayaran nila ang humigit-kumulang 90% ng iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga planong ginto ay nagbabayad ng mga 80%, at ang mga planong pilak ay nagbabayad ng mga 70% ng iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga planong bronse ang may pinakamababang premyum pero binabayaran nila ang humigit-kumulang 60% ng mga saklaw na gastos sa kalusugan. Upang malaman ang dagdag pa tungkol sa buong pakete ng mga benepisyong makukuha, mangyaring bumisita sa **CoveredCA.com** at suriin ang mga dokumento ng plano, katulad ng Evidence of Coverage ng plano, o ang polisa ng seguro (insurance policy) ng plano. O tawagan kami sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

Kung kuwalipikado ka para sa Medi-Cal, ang pagsasaklaw at mga gastos ay iba at maaaring maging libre para sa iyo.

7. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California?

Sinumang taga-California ay makakakuha ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California kung siya ay residente ng estado at tumutugon sa iba pang mga kahilingan.

Ang mga aplikante ay maaaring maging kuwalipikado para sa libre o mababang-halagang plano sa kalusugan, o para sa pinansiyal na tulong na makakapagpababa sa gastos ng premyum at mga copayment. Ang halaga ng pinansiyal na tulong ay batay sa laki ng sambahayan at kita ng pamilya. Ang mga aplikante ay magiging kuwalipikado kung ang kanilang kita ay tumutugon sa mga limit sa kita.

8. Magkano ang gastos para dito?

Magdedepende ang gastos sa kung anong mga programa sa segurong pangkalusugan at pinansiyal na tulong ka kuwalipikado, pati na rin sa kung aling plano ang iyong pinili. Maaari mong gamitin ang cost calculator sa **CoveredCA.com** upang malaman ang gastos at makita kung kuwalipikado ka sa tulong sa pagbabayad ng seguro.

9. Dapat ko bang ilakip ang aking unang bayad sa premyum kasama ng aplikasyong ito?

Hindi, huwag mong ipadala ang iyong unang bayad kasama ng aplikasyong ito. Ang iyong plano ay magpapadala sa iyo ng isang invoice sa halagang kailangan mong bayaran.

*Ang **Mga Tanong na Madalas Tinatanong** ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*

Kailangan mo ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumuwag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., at sa Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California *(ipinagpatuloy)*

10. Paano ako mag-apply?

Makaka-apply ka para segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California sa sumusunod na mga paraan:

- **Online:** Bumisita sa **CoveredCA.com**. Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa bawat plano sa segurong pangkalusugan, na ipinapaliwanag sa malinaw at simpleng salita.
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!
- **Sa pamamagitan ng fax:** I-fax ang iyong aplikasyon sa **1-888-329-3700**.
- **Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo:** Ipadala sa koreo ang aplikasyon ng Covered California sa:

  Covered California
  P.O. Box 989725
  West Sacramento, CA 95798-9725
- **Nang personal:** Mayroon kaming sinanay na mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. O maaari kang bumisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office). Walang bayad ang tulong na ito! Para sa listahan ng mga lugar na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho, bumisita sa **CoveredCA.com** o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

11. Kasalukuyang akong nakatala sa Medi-Cal. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California?

Kung magbabago ang iyong kita sa loob ng taon o sa panahon ng iyong taunang pag-renew, maaari kang maging kuwalipikado para sa ibang segurong pangkalusugan at tulong sa premyum sa pamamagitan ng Covered California.

12. Paano kung mayroon na akong segurong pangkalusugan?

Kung may abot-kayang segurong pangkalusugan ka na mula sa iyong tagapag-empleyo, hindi mo na kailangang gumawa nang anupaman. Pero maaari ka pa ring mag-apply upang malaman kung ikaw o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay kuwalipikado para sa libre o mababang-halagang segurong pangkalusugan.

Kung mag-aapply ka, siguraduhing kumpletuhin ang Attachment B at ipadala ito kasama ng iyong aplikasyon.

13. Kailangan ko ba ng segurong pangkalusugan ngayon na nagsimula na ang reporma sa kalusugan (health reform)?

Simula Enero 2014, karamihan sa mga tao, kabilang na ang mga bata, ay kailangang magkaroon ng segurong pangkalusugan dahil kung hindi, magbabayad sila ng parusa sa buwis (tax penalty). Ang pagsasaklaw ay maaaring kabibilangan ng seguro sa pamamagitan ng iyong trabaho, pagsasaklaw na mabibili nang sarili, o Medicare o Medi-Cal.

Pero ang ilang mga tao ay libre (exempt) mula sa pagkakaroon ng segurong pangkalusugan. Kabilang sa mga taong ito, ngunit hindi limitado sa, mga miyembro ng mga relihiyong sekta o sangay na kinikilala ng pederal na pamahalaan na kung saan ang kanilang mga relihiyosong paniniwala ay kumukontra sa pagtanggap ng mga benepisyong mula sa isang plano sa segurong pangkalusugan, mga taong nabibilanggo, mga taong miyembro ng tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan, ang iyong mga taong kailangang magbayad ng higit sa 8% sa kanilang kita para sa segurong pangkalusugan, pagkatapos na isaalang-alang ang anumang mga kontribusyon ng tagapag-empleyo o tulong sa premyum.

Sa 2016, ang parusa ay magiging 1% ng iyong taunang kita o $95, kung alinman ang mas malaki. Ang parusa ay tataas bawat taon. Sa 2016, ang parusa ay magiging 2.5% ng iyong taunang kita o $695, kung alinman ang mas malaki. Pagkatapos ng 2016, ang parusa sa buwis (tax penalty) ay tataas bawat taon batay sa cost-of-living adjustment.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga parusa, bumisita sa **CoveredCA.com** o tumawag sa lokal na tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county (county social services office) o sa Covered California.

14. Wala sa akin ang lahat ng impormasyon na kinakailangan ko upang sagutin ang mga Tanong sa aplikasyong ito. Ano ang dapat kong gawin?

Kung wala sa iyo ang lahat ng impormasyon, pirmahan at isumite pa rin ang iyong aplikasyon. Tatawagan ka namin upang sabihin sa iyo kung ano ang iyong gagawin sa loob ng 10 hanggang 15 araw ng kalendaryo pagkatapos na natanggap namin ang iyong aplikasyon. Kung wala kang marinig mula sa amin, mangyaring tawagan kami sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

15. Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-aapply?

Padadalhan ka namin ng sulat sa loob ng 45 araw upang sabihin sa iyo kung aling programa kuwalipikado ka o ang mga miyembro ng iyong pamilya. Kung wala kang marinig mula sa amin, mangyaring tawagan kami sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

*Ang **Mga Tanong na Madalas Tinatanong** ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina*

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California *(ipinagpatuloy)*

16. Makakakuha ba ako ng tulong sa aking aplikasyon o sa pagpili ng plano?

Oo! Walang bayad ang tulong. May mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) sa mga komunidad sa buong estado na magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa bagong mga pagpipilian sa segurong pangkalusugan at tutulungan kang mag-apply. Maaari ka ring kumuha ng tulong sa pamamagitan ng pagbisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office). Maaari kang makakuha ng tulong sa maraming iba't ibang wika.

Kumuha ng tulong sa iyong aplikasyon o sa pagpili ng plano:

- **Online:** Bumisita sa **CoveredCA.com**. Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa bawat plano sa segurong pangkalusugan, na ipinapaliwanag sa malinaw at simpleng salita.
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!
- **Nang personal:** Mayroon kaming sinanay na mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. O maaari kang bumisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office). Walang bayad ang tulong na ito! Para sa listahan ng mga lugar na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho, bumisita sa CoveredCA.com o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

17. Paano ako makakapili ng plano sa segurong pangkalusugan?

Kung kuwalipikado ka para sa mga pribadong plano sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California, maaari kang bumisita sa **CoveredCA.com** upang madaling makabili at makahambing sa mga plano sa segurong pangkalusugan.

Makakakuha ka rin ng mga polyeto sa plano sa kalusugan ng Covered California. Ang Covered California ay mag-aalok ng mga pagpipiliang mga pribadong plano sa segurong pangkalusugan at mga planong Medi-Cal. Maaari kang pumili sa antas ng pagsasaklaw na pinamakabuting tumutugon sa mga pangangailangan sa kalusugan at badyet.

- Maaari kang pumiling magbayad ng mas mataas na buwanang gastos (na tinatawag na premyum) para magbabayad ka ng mas kaunting pera na galing sa iyong bulsa sa panahong kailangan mo ng medikal na pangangalaga.***O,*** maaari kang pumiling magbayag ng mas mababang buwanang gastos pero magbabayad ka nang mas maraming pera na galing sa iyong bulsa sa panahong kailangan mo ng medikal na pangangalaga.

Kung kuwalipikado ka para sa Medi-Cal, ang pagsasaklaw at mga gastos ay iba, at maaari pa itong maging libre. Upang malaman ang higit pa tungkol sa makukuhang mga planong Medi-Cal sa iyong county, tumawag sa Health Care options sa **1-800-430-4263** (TTY: 1-800-430-7077). O, bumisita sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.

Pinansiyal na tulong

18. Hindi ako kumikita ng maraming pera. Anong mga programa ang makukuha ko upang matulungan akong makakuha ng segurong pangkalusugan?

Simula sa Enero 1, 2014, ang mga taong nangangailangan ng segurong pangkalusugan ay maaaring makakuha ng tulong sa isa sa mga paraang ito:

A. Tulong na may mga buwanang premyum. Ang mga tulong sa premyum ay naririyan upang tulungang maging abot-kaya ang segurong pangkalusugan. Ang mga taong kuwalipikado para sa tulong sa premyum ay maaaring makakuha ng tulong nang maaga (bago sila magpa-file ng buwis) upang gawing mas mababa ang kanilang buwanang premyum. O maaari nilang kunin ang tulong sa katapusan ng taon at mas kaunti ang kanilang babayaran sa buwis.

Ang halaga ng tulong parasa mga buwanang premyum ay magdedepende sa laki ng iyong sambahayan at kita ng pamilya.

B. Medi-Cal: Ang Medi-Cal ay ang programang Medicaid ng California, na binabawaran ng mga pederal at pang-estadong buwis. Ito ay ang segurong pangkalusugan ng mga residente ng California na mababa ang kita na tumutugon sa mga partikular na kahilingan.

Kung ang iyong kita ay nasa loob ng mga limit ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, matatanggap mo ang pagsasaklaw ng Medi-Cal nang wala kang babayaran.

19. Kung magbabago ang aking kita, agad bang magbabago ang aking tulong sa premyum?

Hindi, ang iyong tulong sa premyum ay hindi agarang magbabago. Ipoproseso namin ang anumang bagong impormasyon na mayroon kami. At, sasabihin namin sa iyo kung ang halaga ng iyong tulong sa premyum ay magbabago.

20. Kung magbabago ang aking kita, paano makakaapekto ang pagbabago sa akin sa panahong magpa-file ako ng aking buwis?

Mahalagang iulat ang mga pagbabago sa kita sa Covered California na nakakaapekto sa halaga ng tulong sa premyum (o mga tax credit) na iyong matatanggap. Kung bababa ang iyong kita, maaari kang maging kuwalipikado upang tumanggap ng mas mataas na halaga ng tulong sa premyum at mas mabawasan pa ang iyong mga gastos na babayaran ng sarili mong bulsa. Subalit, kung tumaas ang iyong kita, maaari kang makatanggap ng sobrang daming tulong sa premyum at maaaring kailangan mong bayaran pabalik ang ilan sa ito sa panahong magpa-file ka ng iyong mga buwis para sa taong ng benepisyo.

*Ang **Mga Tanong na Madalas Tinatanong** ay ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

Pinansiyal na tulong *(ipinagpatuloy)*

21. Paano kung hindi ako nag-file ng buwis sa nakaraang taon?

Kung hindi ka nag-file ng buwis sa nakaraang taon, maaari ka pa ring mag-apply para sa segurong pangkalusugan at kumuha ng tulong sa premyum. Gagamitin namin ang iyong kita upang tulungan kaming hanapin ang seguro na pinaka-abot-kaya para sa iyo at iyong pamilya.

Kung kuwalipikado ka para sa tulong sa premyum, kailangan mong mag-file ng buwis para sa taon ng benepisyo.

22. Paano kung nagbago ang aking kita pagkatapos kong mag-apply?

Kung nagbago ang iyong kita, maaari nitong baguhin ang uri ng segurong pangkalusugan na kuwalipikado ka.

Kung mayroon kang pribadong segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California, tumawag upang iulat ang anumang pagbabago sa iyong kita na maaaring makaapekto sa iyong pagkamarapat sa loob ng 30 araw.

Kung ikaw ay may Medi-Cal at nagbago ang iyong kita, kontakin ang tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office) sa loob ng 10 araw.

Iba pang mga Tanong

23. Kailangan bang ang lahat ng taong nasa aplikasyoong ito ay mamamayan ng U.S. o nasyonal ng U.S. (U.S. citizen o U.S. national)?

Hindi. Maaari kang maging kuwalipikado para sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal kahit na hindi ka mamamayan ng U.S. o nasyonal ng U.S. (U.S. citizen o U.S. national).

24. Ang aking pamilya o ako ba ay kuwalipikado para sa parehong programa?

Depende sa laki ng iyong sambahayan o kita ng pamilya, ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring maging kuwalipikado para ibang mga programa. Halimbawa, maaari kang maging kuwalipikado para sa abot-kayang pribadong segurong pangkalusugan na makukuha sa pamamagitan ng Covered California. Subalit, ang iyong anak ay maaaring maging kuwalipikado para sa libreng Medi-Cal. Sasabihin namin sa iyo kung aling segurong pangkalusugan ka o ang iba pang miyembro kuwalipikado.

25. Ang aplikasyong ito ay humihiling ng maraming personal na impormasyon. Ibabahagi ba ng Covered California ang aking personal at pinansiyal na impormasyon?

Hindi. Ang impormasyong iyong ibinigay ay pribado at ligtas, ayon sa iniuutos ng pederal at pang-estadong batas. Gagamitin lang namin ang impormasyon upang malaman kung kuwalipikado ka para sa segurong pangkalusugan.

26. Magagamit ko ba kaagad ang aking bagong plano sa segurong pangkalusugan ng Covered California?

Kung nag-aapply ka sa pagitan ng Oktubre at Disyembre 2013, magsisimulang magbibigay ng mga serbisyo ang mga plano sa kalusugan nang kasing-aga nang Enero 1, 2014. Kung mag-aaply ka pagkatapos ng Enero 1, 2014, ang iyong plano ay kalusugan ay maaaring mag-umpisang magbigay ng mga serbisyo sa buwan kaagad pagkatapos mong nag-apply.

27. Ano ang ibig mong sabihin sa "kapansanan"?

Maaaring may kapansanan ka at kuwalipikado para sa Medi-Cal kung:

- Ikaw ay bingi o may seryosong kawalan ng pandinig.
- Ikaw ay bulag o may seryosong kawalan ng paningin, na nagsusuot pa ng salamin.
- Ikaw ay may kapansanang pangkatalinuhan o kognitibo at may kahirapan sa pag-alala, pagtuon ng pansin, o paggawa ng mga desisyon.
- Ikaw ay may ambulatoryong kondisyon at may kahirapan sa paglakaw o pag-akyat ng hagdan.
- Ikaw ay may kahirapan sa pagligo o pagsuot ng damit o pagsagawa ng katulad na mga pang-araw-araw na gawain.
- Ikaw ay may kondisyon sa katawan, kaisipan, o emosyonal ay may kahirapan sa pagsagawa ng mga sadyang gawain (katulad ng pamimili o pagbisita sa tanggapan ng doktor) na walang tulong.

Hindit kailangang tumatanggap ka ng espesyal na mga serbisyong pantulong sa iyong tahanan o nakatira ka sa anumang uri ng pasilidad sa pangangalaga (nursing facility) o tirahang pasilidad na may mga taong tumutulong (assisted living facility).

28. Ako ay may pre-existing condition (anumang dati nang kalagayang medikal) o kapansanan. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California?

Oo, makakakuha ka ng segurong pangkalusugan, kahit anupaman ang iyong kasalukuyan o nakaraang kondisyon ng kalusugan o kapansanan.

Simula 2014, karamihan sa mga plano sa segurong pangkalusugan ay hindi makakatangging saklawin ka o singilin ka nang mas mahal dahil lang ikaw ay may pre-existing condition (anumang dati nang kalagayang medikal) o kapansanan.

29. Nalaman ko lang na ako ay buntis. Makaka-apply ba ako para sa segurong pangkalusugan na sasaklaw sa akin sa panahong buntis ako?

Oo. Siguraduhing sagutin nang oo ang Tanong sa aplikasyon na "Buntis ka ba?" o sabihin ito sa taong tumutulong sa iyong kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Maaari kang mag-apply para sa segurong pangkalusugan na maaaring sumaklaw sa pangangalaga bago manganak (prenatal care), paghihilab at pagdaos ng panganganak, at pangangalaga pagkatapos manganak (postpartum care). Hindi ka na matatanggihan ng mga plano sa segurong pangkalusugan sa pagkakaroon ng segurong pangkalusugan kung ikaw ay buntis.

*Ang **Mga Tanong na Madalas Tinatanong** ay ipinagpatuloy sa susunod na pahina*

Iba pang mga Tanong *(ipinagpatuloy)*

30. Bago pa lang ako nagkaroon ng sanggol. Ano ang dapat kong gawin sa segurong pangkalusugan?

Kung wala kang Medi-Cal o Access for Infants and Mothers (AIM) at panahon ng pagdaos ng panganganak, kumpletuhin ang aplikasyong ito para sa iyong kasisilang na sanggol.

Kung mayroon kang Medi-Cal o AIM sa panahon ng iyong pagbubuntis, hindi mo kailangang kumpletuhin ang aplikasyong ito.

- Ilakip ang impormasyon ng ina sa pahina 2 ng aplikasyong ito.
- Kung may Medi-Cal ka, tawagan ang tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office) upang masigurong sinasaklaw ang iyong sanggol mula sa pagsilang, o kumpletuhin ang isang (newborn referral form) pormularyo sa pagsangguni ng kasisilang na sanggol. I-print ang pormularyo na nasa **www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/forms/Forms/ mc330.pdf.**
- Kung may AIM ka, tumawag sa **1-800-433-2611**, o pumunta sa **aim.ca.gov** upang iparehistro ang iyong sanggol.

31. Magiging kuwalipikado ba ako sa segurong pangkalusugan kung hindi ako mamamayan o wala akong kasiya-siyang katayuang pang-imigrasyon (satisfactory immigration status)?

Ang sinumang nakatira sa California ay maaaring mag-apply para sa segurong pangkalusugan gamit ang aplikasyong ito. Ang mga taong nag-aapply lang ang kailangang magbigay ng mga Social Security number o impormasyon tungkol sa katayuang pang-imigrasyon.

Pero maaari kang maging kuwalipikado para sa mga partikular na programa sa segurong pangkalusugan kahit anupaman ang iyong katayuang pang-imigrasyon at kahit na wala kang Social Security number.

Pananatilihin naming pribado ang iyong impormasyon at ibabahagi lang namin ang impormasyon sa ibang mga ahensiya ng pamahalaan upang malaman kung sa aling programa ka kuwalipikado.

32. Ikaw ba ay nasa loob ng isang foster care sa iyong ika-18 taong kaarawan?

Kung nasa foster care ka at tumatanggap ng Medicaid sa anumang estado nang naging 18 taong gulang ka, at ikaw ngayon ay nasa pagitan ng 18 hanggang 26 taong gulang, maaari kang maging kuwalipikado para sa Medi-Cal. Pagkatapos naming mapatunayan na ikaw ay residente ng California, ipapatala ka namin sa Medi-Cal nang libre. Pagkatapos, papatunayan namin kung nasa foster care ka at Medicaid noon.

33. Ano ang bumubuo sa isang-beses na pagbabayad?

Ang mga isang-beses na pagbabayad ay pinapahintulutan lang para sa mga pinanalunan sa sugal, mga premyo, pagkansela ng utang, suweldo o sahod mula sa tagapag-empleyo ng namatay na tao na tinanggap ng buhay na asawa, mga retroaktibong benepisyo ng social security at benepisyo sa pagreretiro sa trabahong kaugnay sa riles ng tren (railroad retirement benefit), mga pinanalunan sa loterya, mga regalo, at mga retroaktibong benepisyo sa pagkawala ng trabaho.

34. Ano ang ibig sabihin ng may sariling negosyo "self-employed"?

Ang mga taong self-employed ay kumikita ng pera nang direkta mula sa kanilang sariling negosyo o mga serbisyo. Hindi sila kumikita ng pera mula sa isang kompanya na nagbabayad sa kanila.

35. Saan ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa pagiging rehistrado para bumoto?

Kung hindi ka rehistrado para bumoto sa lugar kung saan ka nakatira ngayon at gusto mong mag-apply upang maparehistro para bumoto ngayon, mangyaring bumisita sa **registertovote.ca.gov.** O, tumawag sa **1-800-345-VOTE (8683)**.

36. Ako ay isang American Indian o isang Katutubo ng Alaska. Paano makakatulong sa akin ang Covered California?

Kung ikaw ay isang American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan, o kung kuwalipikado ka sa ibang paraan para sa mga serbisyo mula sa Indian Health Services (Mga Serbisyo sa Kalusugan para sa mga Indian), pantribung programang pangkalusugan, o mga programang pangkalusugan para sa mga Indian na nakatira sa mga lungsod, maaari kang maging kuwalipikado para sa libre o mababang-halagang Medi-Cal. O maaari kang maging kuwalipikado para sa ibang mga pagtitipid ng gastos, katulad ng tulong sa pagbabayad ng premyum o walang mga copayment. Maaari ka ring magkaroon ng espesyal na buwanang panahon sa pagpapatala.

- Kumpletuhin ang Attachment A at ipadala ito kasama ng katibayan na ikaw ay American Indian o Katutubo ng Alaska. Maaari mong magamit ang isang tribal enrollment card (kard sa pagpapatala sa tribu) o Certificate of Degree of Indian Blood (CDIB, Sertipiko ng Antas ng Dugong Indian) mula sa Bureau of Indian Affairs (Kawanihan ng Kapakanan ng Indian).
- Kung kuwalipikado ka para sa Medi-Cal, hindi mo kailangang magpadala ng katibayan ng iyong pamanang American Indian o Katutubo ng Alaska. Upang malaman kung kuwalipikado ka para sa Medi-Cal, tingnan ang Attachment E.

37. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon na ginawa ng Covered California?

Maaari kang mag-file ng isang apela. Upang i-apela ang isang desisyon na hindi mo sinasang-ayunan, kontakin ang Covered California sa pamamagitan ng isa sa mga paraang ito:

- **Online:** Bumisita sa **CoveredCA.com**.
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!
- **Sa pamamagitan ng fax:** I-fax ang apela sa **1-888-329-3700.**
- **Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo:** Ipadala sa koreo ang apela sa: Covered California – Appeals
P.O. box 989725, West Sacramento, CA 95798-9725
- **Nang personal:** Mayroon kaming sinanay na mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. O maaari kang bumisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office). Walang bayad ang tulong na ito!

  Para sa listahan ng mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na malapit sa lugar kung saan kayo nakatira o nagtatrabaho, o sa listahan ng mga tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office) na malapit sa iyo, bumisita sa **CoveredCA.com** o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

Kailangan mo ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumuwag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., at sa Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.

Maaaring may dagdag na tulong na makukuha

CalFresh

Kailangan mo ba ng tulong sa pagbibili ng pagkain para sa iyo at iyong pamilya? Maaaring makatulong sa iyo ang CalFresh!

Sa California, ang pederal na Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) ay kilala bilang CalFresh. Tumutulong ang CalFresh sa iyong magbayad para sa mga masustansiyang prutas, gulay, at iba pang masustansiyang pagkain.

Upang malaman kung kuwalipikado ka para sa CalFresh, tumawag sa **1-877-847-3663** o bumisita sa **www.calfresh.ca.gov**, o mag-apply online sa **benefitscal.org**.

Welltopia by DHCS

Bisitahin ang Welltopia by the Department of Health Care Services (DHCS), ang lugar sa kabutihan ng kalusugan, sa Facebook at Twitter! Makakahanap ka ng mga tip sa pagpababa ng stress, pagkain ng mas masustansiyang pagkain, matamasa at masiyahan sa pisikal na aktibidad, huminto sa paninigarilyo, at marami pang iba.

Ang Welltopia by DHCS ay mayroong:

- Libre at nakakatuwang mga health apps
- Mga cool na video
- Mga link sa:
  - Masarap at madaling mga recipe
  - Mga lokasyon ng mga farmers' market
  - CalFresh
- Mga nakatutuwang lugar at mga aktibidad para sa iyo at sa iyong mga anak
- Edukasyon, mga lugar na makakahanap ng trabaho, at iba pang mga serbisyo upang mas mapadali ang iyong buhay

"I-like" ang Welltopia by DHCS sa Facebook! Pumunta sa: Facebook.com/DHCSWelltopia

Sundan kami! @Weltopiadhcs

Earned Income Tax Credit (EITC)

Ang EITC ay isang benepisyo para sa mga nagtatrabahong tao na may mababa hanggang katamtamang kita. Ang tax credit na ito ay nagbabawas sa halaga ng tax na kailangan mong bayaran at maaari ring magresulta sa isang refund.

www.eitc.ca.gov

Child Tax Credit

Ang tax credit na ito na maaaring magkahalaga ng hanggang sa $1,000 bawat kuwalipikadong bata, depende sa iyong kita.
www.childtaxcredit.ca.gov

Kailangan mo ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumuwag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., at sa Sabado, 8 a.m. hanggang 6 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.

Kumuha ng tulong sa iba pang mga wika

Maaari kang kumuha ng tulong sa aplikasyong ito sa iba pang wika. Tumawag sa 1-800-983-8816.

Podemos ayudarle en español a llenar esta solicitud. Llame al 1-800-300-0213.

SPANISH

您可以透過其他語言獲得此申請的幫助。請致電 1-800-300-1533.

TRADITIONAL CHINESE

Quý vị có thể được trợ giúp về đơn đăng ký này bằng tiếng Việt. Hãy gọi 1-800-652-9528.

Vietnamese

이 응용 프로그램에 대한 한국어 지원을 받으실 수 있습니다. 전화: 1-800-738-9116.

KOREAN

Maaari kang kumuha ng tulong para sa aplikasyong ito sa Tagalog. Tumawag sa 1-800-983-8816.

TAGALOG

Koj txais tau kev pab nrog kev tso npe Hindi ua lus Hmoob. Hu 1-800-771-2156.

HMONG

Вы можете получить помощь в оформлении этой заявки на русском языке. Звоните по телефону 1-800-778-7695.

RUSSIAN

Դուք կարող եք հայերենով օգնություն ստանալ այս դիմումի ձևը լրացնելու հարցում: Զանգահարեք 1-800-996-1009.

ARMENIAN

می توانید در ارتباط با این فرم تقاضا به زبان های دیگر کمک دریافت کنید. با شماره 1-800-921-8879 تماس بگیرید.

FARSI

អ្នកអាចទទួលបានជំនួយចំពោះពាក្យសុំនេះជាភាសាខ្មែរ។ សូមទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-906-8528.

KHMER

يمكنك الحصول على مساعدة خاصة بهذا التطبيق باللغة العربية. اتصل بـ1-800-826-6317.

ARABIC

"I-like" ang Covered California sa Facebook!
Pumunta sa: Facebook.com/CoveredCA

Sundan kami! @CoveredCA